# iFilipino 4 – iExam for Unit 1

| Name: | | Score: | |
|---|---|---|---|
| Grade & Section: | | Teacher: | |

**I. Pagpili**. Basahin at unawain ang mga tanong. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Ito ay isang akdang pampanitikan na likha ng guni-guni at kathang-isip na hango sa isang tunay na karanasan o pangyayari sa buhay.
   a. Tula
   b. Salawikain
   c. Kwento
   d. Pabula

2. Elemento ng kwento kung saan siya ang gumaganap sa kwento o nagpapagalaw sa kwento.
   a. Tagpuan
   b. Banghay
   c. Tauhan
   d. Antagonista

3. Ito ay aklat na nakikitaan ng mga nakalistang salita na may kahulugan at nakaayos nang paalpabeto.
   a. Diksyunaryo
   b. Almanac
   c. Atlas
   d. Ensayklopedya

4. Isa sa mga bahagi ng pananalita. Ito ay tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, pook, pangyayari, at marami pang iba.
   a. Panghalip
   b. Pandiwa
   c. Pang-ukol
   d. Pangngalan

5. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapakita hindi nagpapakita ng pangngalang pantangi.
   a. Tungkol kay Gat Jose Rizal ang itinuro ng guro sa mga bata.
   b. Sa Mababang Paaralan ng Santo Rosario nag-aaral ang magkapatid na Jelai at Kulas.
   c. Nagpunta sila sa palengke.
   d. Dumaan sa tulay ng San Juanico ang sasakyang sinakyan namin.

6. Ano kasalungat na kahulugan ng may salungguhit na salita sa pangungusap. “Ang mga bata ay dapat puno ng ng pag-aaruga ng isang magulang.’’
   a. Pag-aalaga
   b. Pagmamahal
   c. Pananakit
   d. Pagkalinga

7. Ito ay isang anyo ng panitikan na nagpapahayag ng damdamin at kaisipan ng isang tao gamit ang maririkit na salita at ay binubuo ng mga saknong at mga taludtud.
   a. Tula
   b. Salawikain
   c. Kwento
   d. Pabula

8. Ito ay talaan ng mga salita na nakapaloob sa aklat at nasa huling bahagi,dito nakatala ang mahihirap na salita na ginamit sa paksa.
   a. Talahanayan
   b. Pormularyo
   c. Kard Katalog
   d. Talahulugan

9. Ito ay lipon ng mga salita na nagsasaad ng buong diwa at kumakatawan ito sa bawat pahayag o pagsasalita ng isang tao na nagdudulot o nagbibigay kahulugan.
   a. Talata
   b. Pangungusap
   c. Tula
   d. Balita

10. Ito ang pinag-uusapan sa pangungusap.
    a. Panaguri
    b. Simuno
    c. Pangngalan
    d. Pandiwa

11. Ito ay lipon ng mga pangungusap na nagpapahayag ng kaisipan at kung saan ang bawat pangungusap ay magkakaugnay.
    a. Talata
    b. Pangungusap
    c. Tula
    d. Balita

12. Alin sa mga sumusunod ang hindi katangian ng isang mahusay na talata.
    a. Kaisahan
    b. Kahandaan
    c. Kaugnayan
    d. Kaanyuan

13. Ito ay isang talaan ng mga paksa at kung saang pahina ito matatagpuan sa aklat . Matatagpuan sa likuran ng aklat.
    a. Glosari
    b. Indeks
    c. Talahulugan
    d. Talahanayan

14. Alin sa mga sumusuno na pangungusap ang hindi nagpapakita ng panghalip panaklaw.
    a. Gaanoman kahirap ang leksyon ay nagiging madali kapag napapaliwag ng mabuti.
    b. Labis na nagagalak ang aking lola sa sorpresang hinanda ng lahat.
    c. Ibibigay ko sa iyo ang alinman sa mga laruan na magustuhan mo.
    d. Saan nanggaling ang iyong kapatid?

15. Ito ang pambungad na pangungusap. Ito rin ang mabisang pagpapakilala sa paksa sa mga mambabasa.
    a. Introduksyon
    b. Katawan
    c. Konklusyon
    d. Wakas

16. Ito ang ginagamit upang mapagsunod-sunod ang mga kaisipan,gawain at pangyayari sa isang teksto. Sa pamamagitan nito ay higit na magiging malinaw ang pag-unawa sa binasang teksto.
    a. Panuto
    b. Mga salitang naghuhudyat
    c. Hakbang
    d. Direksyon

17. Bahagi ng aklat kung saan makikita ang listahan ng mga nilalaman o paksang tatalakayin sa aklat.
    a. Mga Nilalaman
    b. Glosari
    c. Indeks
    d. Talahulugan

18. Ang mga sumusunod na salita ay halimbawa ng panghalip panao maliban sa isa:
    a. Ako
    b. Kanya
    c. Gaano
    d. Sila

19. Ito ay nakikilala sa Ingles bilang personal pronoun. Ito ay mula sa salitang 'tao', kaya nagpapahiwatig ito na 'para sa tao' o 'pangtao'. Ipinapalit ito sa ngalan ng taong nagsasalita, sa taong kausap, o sa taong pinag-uusapan.
    a. Panghalip pananong
    b. Panghalip panao
    c. Panghalip pamatlig
    d. Pangngalan

20. Punan ang patlang ng sapat na panghalip panao ang pangungusap. "Nagpunta _____ ng ate ko sa Luneta Park."
    a. Kami
    b. Roon
    c. Sila
    d. ako

21. Ito ay isang nakasulat na plano ng mahahalagang bahagi ng isang sulatin na nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga ito.
    a. Talata
    b. balangkas
    c. kwento
    d. pangungusap

22. Ito ay mga salitang ipinapalit sa pangngalan ng taong nagmamay-ari ng bagay.
    a. Panghalip paari
    b. Panghalip pamatlig
    c. Panghalip panao
    d. Panghalip pananong

23. Ang mga sumusunod na salita ay halimbawa ng panghalip paari maliban sa:
    a. Akin
    b. Sila
    c. Iyo
    d. Kanya

24. Kasingkahulugan ng salitang "tinagurian".
    a. Katawagan
    b. Pangalan
    c. Bayani
    d. Alipin

25. Kasalungat na kahulugan ng "alipin".
    a. Mayaman
    b. Dukha
    c. Mahirap
    d. May Kaya

# iFilipino 4 – Answer Keys for Unit 1

## I. Pagpili.

1. C. Kwento
2. C. Tauhan
3. A. Diksyunaryo
4. D. Pangngalan
5. C. Nagpunta sila sa palengke
6. C. Pananakit
7. A. Tula
8. D. Talahulugan
9. B. Pangungusap
10. B. Simuno
11. A. Talata
12. B. Kahandaan
13. B. Indeks
14. D. Saan nanggaling ang iyong kapatid?
15. A. Introduksyon
16. B. Mga salitang naghuhudyat
17. A. Mga nilalaman
18. C. Gaano
19. B. Panghalip panao
20. A. Kami
21. B. Balangkas
22. A. Panghalip paari
23. B. Sila
24. A. Katawagan
25. A. Mayaman